

Sa lahat ng naninirahan nasasakupang lugar ng Planta ng Paglilinis sa Alkantariya ng Pampublikong Pabahay

Pakiusap ukol sa Paggamit ng Planta ng Paglilinis sa Alkantariya

Yaizu City Hall Seksyon ng Padaluyan ng Maruming Tubig
(Yaizu-shi Gesuido-ka)

Sa lugar kung saan kayo ay nakatira, ang maruming tubig (dumi ng tao at sari't-saring maruming tubig sa pamumuhay) ay nililinis sa Planta ng Paglilinis sa Alkantariya ng Pampublikong pabahay, kaya ang mga taong maglalabas ng maruming tubig sa alkantariya ay sisingilan ng bayad sa paggamit (salapi).

★Bayarin sa Paggamit ng Pasilidad ng Planta ng Paglilinis sa Alkantariya (Salapi)

Ito ay babayaran isang beses kada 2 buwan kasama ng bayad sa Tubig at Alkantariya.

Ang nakatira sa distrikto ng Pampublikong pabahay sa Sumiredai at Pampublikong pabahay sa Tsutsujidaira ay kada buwan na tukol (**Pebrero, Abril, Hunyo, Agosto, Oktubre, Disyembre**).

Ang nakatira sa distrikto ng Pasilidad ng Planta ng Paglilinis sa Alkantariya ng Pampublikong pabahay sa Sakamoto ay kada buwan na gansal (**Enero, Marso, Mayo, Hulyo, Setyembre, Nobyembre**).

◎Paraan ng Pagbayad

Mangyaring bayaran ito sa mga sumusunod na pamamaraan ①~③

①Direktahan pagbawas ng bayad mula sa bank account

Itanong ang paraan ng aplikasyon sa 「Sentro ng tanggapan sa bayarin sa Palatubigan ng Yaizu city:Yaizu-shi Suido Ryokin Jimu Senta」 (☎054-656-0055) .

②Pagbabayad sa tanggapan ng bangko o convenience store

Darating ang postcard na tinatawag na 「Abiso ng Bayarin:*Nonyu Tsuchisho*」 sa iyong tahanan.

Ang postcard ay sunod niyong dalhin sa tanggapan ng bangko o convenience store para mabayaran.

③Pagbabayad ng Elektronikong pera 「PayPay」 at iba pa

Darating ang postcard na tinatawag na 「Abiso ng Bayarin:*Nonyu Tsuchisho*」 sa iyong tahanan.

Kapag binuksan ito, may nakasulat itong barcode sa laman.

Pagkatapos ay ipabasa sa app ang barcode, sa pamamaraan ng elektronikong pera ay babayaran ito.

※**HINDI MAKAKABAYAD GAMIT ANG CREDIT CARDS.**

◎Sa pagkakataon na lilipat

Sa mga pagkakataon na lilipat o mahinto ang paggamit ng tubig at alkantariya, mangyaring tawagan niyo ang 「Sentro ng tanggapan sa bayarin sa Palatubigan ng Yaizu city」 (054-656-0055) hanggang 3~4 na araw bago ang paglipat. Kakullahin ang bayad para sa panahon na nakinabang at maniningil.

◎Paraan ng kalkulasyon sa bayad sa Paggamit ng Pasilidad ng Planta ng Paglilinis sa Alkantariya

Kapag mas mababa sa 10 m³ sa isang buwan ang tubig na tinatapon sa alkantariya (Dami ng ginamit na tubig-suplay) ang bayad sa isang buwan ay ¥1,110 (Pangunahing kabayaran).

(Kahit 0 m³ lamang ay magkakaroon parin ng bayad na ¥1,110 bilang Pangunahing kabayaran.)

Kapag higit ng 10 m³, may karagdagang pataw na ¥111 sa bawat 1 m³ na lagpas sa 10 m³.

(Para sa Yaizu City Official Website)

※Ang mga bayarin sa tubig at alkantarilya ay babayaran isang beses sa 2 buwan,kaya ang ating binabayaran sa isang beses ay kabayaran para sa 2 buwan. Halimbawa sa 2 buwan ay ang nagamit ay 45 m³ ang isisingil na halaga ay,

Pangunahing kabayaran sa paggamit (¥1,110 × 2 buwan) + (¥111 × (45 m³ - 20 m³)) = ¥4,995

Sa panahon ng paniningil, ang halagang mas mababa sa ¥10 ay hindi isasama kaya ang sisingiling halaga para sa alkantarilya ay ¥4,990.

Sa ¥4,990 na ito, ang halagang dinagdagan ng 2 buwan bayad sa tubig ang halagang dapat niyong bayaran.

Kapag ginamit ito sa maling paraan, maaaring magdulot ng pagkasira sa pasilidad o paghina ng punsiyon kaya gamitin natin ng wasto para sa komportableng kapaligiran ng pamumuhay.



Bumara ang relay pump dahil sa basura

(Sumiredai Jutaku Danchi Pebrero,2024(R6.2))



Basurang dumaloy sa pasilidad ng paglilinis noong umulan ng malakas

(Sumiredai Jutaku Danchi Agosto,2024(R6.8))

★Mga babala sa paggamit

- Huwag ipadaloy ang mga pira-pirasong gulay,preskong basura dahil magsasanhi ng pagbara ng lagusan ng tubig. Pigain ng husto ang nilalamang tubig at itapon bilang nasusunog na basura.
- Pinagprituhan mantika,lard at iba pang uri ng sebo ay titigas kapag nalamigan at maaaring magsanhi ng pagbara. Dapat iwasan ang pagtapon nito sa lagusan ng tubig at iba pa.
- Kapag hinayaan natin dumaloy ang buhok sa lagusan ng tubig,ito'y magiging sanhi ng gusot at pagbara sa loob ng tubo kaya regular natin linisin ang bath tub at ng lagusan ng tubig.
- Sa banyo,huwag magtapon ng anumang bagay maliban sa toilet paper. Magiging sanhi ng pagbara kapag hinayaan natin dumaloy ang tissue paper,sanitary pads, mask, upos ng sigarilyo , tsiklet at iba pa.
- Mapanaganib ang gasolina ,petrolya, pampanipis ng pintura at ibang nasusunog na bagay kaya huwag na huwag po natin itong itatapon sa banyo o lagusan ng tubig.

★MATATANUNGAN

【Ukol sa Bayarin sa Paggamit • Pag-ulat ng Paglipat】

Sentro ng tanggapan sa Pananalapi sa Palatubigan ng Yaizu city : Yaizu-shi Suido Ryokin Jimu Senta
054-656-0055

【Ukol sa Alkantariya at iba pa】

Yaizu City Hall Seksyon ng Padaluyan ng Maruming Tubig: Yaizu-shi Gesuido-ka
054-624-8300